
# BIBLE STUDY

## Ezra 7:1-10



May 19-25

PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON



# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 7:1-10



# PAGTUKLAS



# PAG-UNAWA



# PAGTUGON

# Ezra 7:1–10

Magandang Balita Biblia

## Dumating si Ezra sa Jerusalem

1-5 Makalipas ang ilang panahon, nang si Artaxerxes ang hari ng Persia, dumating mula sa Babilonia ang isang lalaking nagngangalang Ezra. Nagmula siya sa angkan ni Aaron dahil ang kanyang ama na si Seraias ay anak ni Azarias na anak ni Hilkias. Si Hilkias naman ay anak ni Sallum na anak ni Zadok. Si Zadok ay anak ni Ahitub na anak ni Amarias na anak ni Azarias. Si Azarias naman ay anak ni Meraiot na anak ni Zerahias na anak naman ni Uzi. Si Uzi ang anak ni Buki na anak ni Abisua na anak naman ni Finehas. Si Finehas ay anak ni Eleazar at apo ni Aaron na pinakapunong pari.

# Ezra 7:1–10

Magandang Balita Biblia

6 Si Ezra ay isang eskriba na dalubhasa sa Kautusan ni Moises
na ibinigay ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. Si Ezra ay
pinatnubayan ni Yahweh na kanyang Diyos kaya't lahat ng
kahilingan niya'y ipinagkaloob sa kanya ng hari 7 Noong
ikapitong taon ng paghahari ni Artaxerxes, umalis si Ezra sa
Babilonia patungong Jerusalem, kasama ang isang pangkat ng
mga Israelita na kinabibilangan ng mga pari at mga Levita, mga
mang-aawit, mga bantay sa pinto at mga tagapaglingkod sa
Templo.

# Ezra 7:1–10

Magandang Balita Biblia

8-9 Umalis sila sa Babilonia nang unang araw ng unang buwan,
at sa patnubay ng kanyang Diyos ay dumating siya sa
Jerusalem nang unang araw ng ikalimang buwan. 10 Buong
sikap na pinag-aralan ni Ezra ang Kautusan ni Yahweh upang
maisagawa niya ito at upang maituro niya sa bayang Israel ang
mga batas at tuntunin nito.

"Bilang isang mananampalataya, iaalay ko ang aking buhay sa pagbabasa, pag-aaral, paglalapat at pagsunod sa mga itinuturo ng Diyos sa Kanyang Salita."

PAGTUKLAS 1

Ezra 7:1-10

Sino si Ezra sa angkan o lipi na ipinahahayag sa v. 1-6? Ano ang espesyal sa kanya? Ano ang kahalagahan ng kanyang pagiging kasama sa angkan o-lahi ni Aaron?

# PAGTUKLAS 2

Ezra 7:1-10

Ang pangkat ni Ezra ay ang pangalawang pangkat ng mga Israelita na bumalik sa Israel mula sa Babilonia pagkatapos ng dedikasyon ng Templo sa ilalim ng paghahari ni Haring Darius noong 586 BC. Pinangunahan niya ang mga nagbalik-bayang Israelita pagkatapos ng 58 taon. Sino na ang hari sa panahong iyon at ano ang naging tugon ng haring ito sa paki-usap ni Ezra sa pagbabalik-bayan nilang ito? (v. 6-8)

PAGTUKLAS 3

Ezra 7:1-10

# Anong mga preparasyon ang isinagawa ni Ezra sa kanyang pagbabalik? (v. 6-10)

# PAG-UNAWA 1

Ezra 7:1-10

Bakit kailangan ni Ezra na humingi ng permiso sa kanyang pagbabalik sa Israel?

# PAG-UNAWA 2

Ezra 7:1-10

Ano kaya ang motibasyon ni Ezra sa kanyang pagbabalik-bayan? Ano sa palagay mo ang kalagayan ng mga taga Jerusalem sa panahong iyon 60 taon pagkalipas ng dedikasyon ng Templo?

# PAG-UNAWA 3

Ezra 7:1-10

Paano pinakinabangan ni Ezra ang kanyang kaalaman, abilidad at maaaring mataas na posisyon at impluwensiya sa kaharian ni Haring Artaxerxes upang matulungan ang kanyang mga kababayan sa Jerusalem? Paano siya naging kapaki-pakinabang sa Kaharian ng Diyos?

# PAG-UNAWA 4

Ezra 7:1-10

Bakit mahalaga kay Ezra na saliksikin ang Kautusan ng Diyos?

PAGTUGON 1

Ezra 7:1-10

Paano mo maipakikita ang iyong dedikasyon sa pag-aaral at pagsunod sa salita ng Diyos sa iyong araw-araw na pamumuhay, tulad ng dedikasyon na ipinakita ni Ezra?

Anong mga praktikal na bagay ang maaari mong gawin upang lalo ka pang maging handa sa pag-abot at pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga di pa mananampalataya, sa paglilingkod sa iba at upang maging kagamit-gamit ka sa iyong Panginoon?

# PAGTUGON 2.2

Ezra 7:1-10

Anong mga praktikal na bagay ang maaari mong gawin upang lalo ka pang maging handa sa pag-abot at pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga di pa mananampalataya, sa paglilingkod sa iba at upang maging kagamit-gamit ka sa iyong Panginoon?



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 7:1-10

"Bilang isang mananampalataya, iaalay ko ang aking buhay sa pagbabasa, pag-aaral, paglalapat at pagsunod sa mga itinuturo ng Diyos sa Kanyang Salita."

# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY
Ezra 7:1-10



# PAGTUKLAS



# PAG-UNAWA



# PAGTUGON


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

# BIBLE STUDY

## Ezra 7:1-10

See you next week!



PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584